Ang Pagbagsak ng Jerico

(Joshua 1-6)

Matagal na panahon na naglakbay ang mga Israelita sa ilang patungo sa lupang ipinangako sa kanila ng Diyos. Pagkamatay ni Moses, si Joshua ang pinili ng Diyos na maging bagong leader ng mga Israelita. Sinabi ng Diyos kay Joshua, "Humanda ka at ang buong Israel at tumawid kayo sa Ilog Jordan patungo sa lupaing ibinibigay ko sa kanila. Walang makakatalo sa iyo habang ikaw ay nabubuhay. Sasamahan kita gaya ng pagsama ko kay Moses. Hindi kita iiwan ni hindi pababayaan man. Magpakatatag ka at lakasan ang iyong loob. Sundin mong mabuti ang buong kautusang ibinigay ni Moses. Huwag kang susuway sa anumang nakasaad doon, at magtatagumpay ka saan ka man magpunta. Huwag kang matatakot o mawawalan ng pag-asa sapagkat kasama mo Ako."

Mula sa kanilang kampo sa Sitim, nagpadala si Joshua ng dalawang espiya sa lunsod ng Jerico upang magmanman. Nang makarating doon ang mga espiya, pinatuloy sila ni Rahab sa kanyang bahay at doon sila nagpalipas ng gabi. Nabalitaan ng hari ng Jerico na may dumating na mga Israelita nang gabing iyon para mag-espiya sa kanila. Kaya't nagpadala ang hari ng mensahe kay Rahab. Pinalalabas nila kay Rahab ang mga taong pinatuloy niya sa kanyang bahay sapagkat ang mga ito ay naroon upang mag-espiya sa kanilang lupain. "Umalis na po sila nang isasara na ang pintuan ng lunsod. Hindi ko po natanong kung saan sila pupunta, ngunit kung hahabulin ninyo agad ay aabutan pa ninyo sila." sabi ni Rahab.

Bago matulog ang mga espiya sinabi ni Rahab sa kanila na alam niya na ibinigay ng Panginoon ang lupain ng Jerico sa kanila at nabalitaan din nila kung paano pinatuyo ng Diyos ang Dagat na Pula nang sila ay tumawid doon. Hiniling niya sa kanila na tulungan din nila ang kanyang pamilya gaya ng pagtulong niya sa kanila. Nangako sa kanya ang mga espiya na hindi mapapahamak ang kaniyang pamilya sa araw na lusubin nila ang lunsod.

Buhat sa kanyang bintana ay naghulog ng lubid si Rahab upang makalabas ng lunsod ang dalawa. Binilin nila kay Rahab na maglagay ng pulang lubid sa kaniyang bintana kung saan niya sila pinalabas.
Nang makarating sa kanilang kampo, iniulat ng mga espiya kay Joshua ang lahat ng nangyari.

Maagang gumising si Joshua at ang buong Israel. Umalis sila ng kampo at tumawid ng Ilog Jordan. Nang makatawid, nagkampo ang mga Israelita sa Gilgal, kapatagan ng Jerico.

Minsan napadako si Joshua malapit sa Jerico, nang biglang nagpakita sa kanya ang isang lalaking may hawak na espada. "Ikaw ba ay isang kakampi o kalaban?" tanong niya. "Hindi. Ako ay naparito bilang pinuno ng hukbo ng Diyos." sagot naman ng lalaki. Nagpatirapa si Joshua at sumamba. Tinanong niya kung ano ang pinaguutos sa kanya ng Diyos. Pinahubad ng kumander ang kanyang sandalyas dahil banal ang kinatatayuan niyang lugar.

Sinabi ng Diyos kay Joshua na ibinigay na Niya sa kanyang kamay ang Jerico. Si Joshua at ang kanyang mga kawal ay iikot sa lunsod ng isang beses bawat araw sa loob ng anim na araw. Pauunahin niya sa Kaban ng Tipan ang pitong pari na ang bawat isa sa kanila ay may dalang trumpeta. Sa ikapitong araw, iikutan nila ang lunsod ng pitong beses, kasama ng mga paring nagpapatunog ng trumpeta nila. Kapag narinig na nila ang mahabang tunog ng trumpeta, sisigaw ang lahat nang malakas. Pagkatapos ay guguho ang pader ng lunsod at makakapasok silang lahat ng walang sagabal.

Samantala, isinara ang mga pintuan ng Jerico upang hindi makapasok ang mga Israelita. Ipinagbawal na pumasok o lumabas ang sinuman.

Sinunod ng mga Israelita ang pinagutos ng Diyos. Sumigaw ang lahat matapos marinig ang tunog ng trumpeta. Bumagsak ang pader ng lunsod. Nakapasok sila nang walang sagabal at nasakop ito.

Pinuntahan nila ng dalawang espiya si Rahab upang ilabas ang kanyang pamilya at dinala sa kampo ng Israel.

Pinatnubayan ng Panginoong Diyos si Joshua at naging tanyag ang kanyang pangalan sa lupaing iyon.

Walang hangganan at walang katulad ang kapangyarihan ng Diyos. Siya lamang ang may kapangyarihan upang patigilin ang pagdaloy ng tubig sa Ilog Jordan upang makatawid ng payapa ang mga Israelita. Siya lang rin ang may kapangyarihan na mapaguho ang matibay at mataas na bakod ng Jerico upang masakop ito ng mga Israelita. Ang imposible ay nagiging posible lamang dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Nakita at naranasan mo na ba ang kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay?